

Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 28

"9 Mapapalad ang mga mapagpayapa: sapagka't sila'y tatawaging mga anak ng Dios." (Mateo 5:9)

Mapapalad ang mga mapagpayapa: Ang mga tagapagpayapa sa pagitan ng lalaki at sa lalaki, ay silang mapayapang mahusay mabuhay ng mapayapa sa lahat ng tao, at sa isa't isa; gaya ng kanilang ugnayan sa pagpilit sa kanila upang makitungo sa kalalakhian ng sanglibutan na handa, at handang mamuhay sa kapayapaan. Ang mga tagapagpayapa ay gumagawa ng kapayapaan sa pagitan ng kanilang mga sarili at sa ibang tao ayon sa Salita ng Diyos.

Ang mga tagapagpaya ay magkamit ng mga sumusunod:

1. Upang harapin una ang kasalanan saanman na ito'y posible: Ang Diyos ay nagsabi kay Levi. "Ang aking tipan ay buhay at kapayapaan sa kaniya; at aking mga ibinigay sa kaniya upang siya'y matakot; at siya'y natakot sa akin, at siya'y nagpakababa sa aking pangalan." (Malachi 2:5) Ang mga alagad ni Levi ay nagdala ng lalaki upang maging kapayapaan sa batas ng Diyos. Sila'y lumikha ng kapayapaan at inayos ang kapaligiran ng kapayapaan. Ating mababasa ang tungkol dito sa Banal na Kasulatan nang harapin ni Phineas ang kasalanan ng immoralidad sa kampo ng mga Israelita sa paghahatid sa kanya sa kamatayan kasama ng nakikiapid, at ibinalik niya ang kapayapaan ng Diyos pabalik sa kampo ng Diyos nang nilinis niya ito mula sa kasalanan. "11 Pinawi ni Phineas na anak ni Eleazar, na anak ni Aaron na saserdote, ang aking galit sa mga anak ni Israel, sa paraang siya'y nagsikap dahil sa aking pagsisikap sa kanila, na anopa't hindi ko nilipol ang mga anak ni Israel sa aking sikap. 12 Kaya't sabihin mo, Narito, ako'y nakikipagtipan sa kaniya tungkol sa kapayapaan:" (Bilang 25:11-12) Kaya't ang mga tagapagpayapa ay mayroong itinakdang gawain na kailangan nilang gampanan upang magkapaghatid ng kapayapaan. Kailangan nating harapin ang kasalanan upang makapaghatid sa mga tao ng kapayapaan kasama batas ng Diyos.

Kaya't ang tagapagpaya ay masipag sa pagtatrabaho at masigasig sa pakikipagpunyagi upang makapaghatid ng kapayapaan. Ang mga tagapagpaya ay naguumpisa ng kanilang paglalakbay ng pageebanghelyo sa pagaabot sa mga makasalanan at pagtuturo ng Salita ng Diyos.

Sapagkat silay' tinawag na mga anak ng Diyos. Ang tagapagpaya ay ang mga anak ng Diyos sa pagpapatibay ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo, at sila'y mga anak ng Diyos sa kanilang mapagpayang paguugali at katangian sa pagharap sa kasalanan, at nagagawa na sa Espiritu ng Diyos. Sila'y ang napakahusay at sila ang makatotohanang mga anak ng kapayapaan.

Ang mga tagapagpayapa ay masaya, puno ng kagalakan habang silay nagpapatuloy upang makapagdala ng makasalanan sa Diyos. Sa Santiago 3:17, "17 Ngunit ang karunungan buhat sa itaas, ay una-una'y malinis saka mapayapa, banayad, madaling panainan, puspos ng kaawaan at ng mabubuting bunga, walang inaayunan, walang pagpapaimbabaw." Ang karunungan na nagmumula sa itaas ay malinis at sa gayon mapayapa. Ang mapalad na mapagpayapa ay malinis ang puso patungo sa Diyos, at mapayapa patungo sa lalaki.

Kapag tayo ay mayroong dalisay na puso, at walang tayong malisya o masamang ginagawa patungo sa Diyos at lalaki, sa gayon tayo ay maaring maging mga tagapagpaya.

2. Upang maprotektahan ang kanilang sarili tuwing may pagkakasala laban sa kanila at upang maiwasan ang paglikha ng salungatan sa tuwing magagawa iyon.

A. Ang mga tagapagpaya ay may mahusay upang magkaroon ng isang malakas at pusong mapagmahal sa kapayapaan. Si Haring David ay nagsabi, 'Ako'y para sa kapayapaan', Ito'y pagnanais, at kagalakan upang makapaglagay ng kapayapaan. Ating basahin ang buong Awit 120, "1 Sa aking kahirapan ay dumaing ako sa Panginoon, at sinagot niya ako.2 Iligtas mo ang aking kaluluwa, Oh Panginoon, sa mga sinungaling na labi, at mula sa magdarayang dila.3 Anong maibibigay sa iyo, at anong magagawa pa sa iyo, ikaw na magdarayang dila?4 Mga hasang pana ng makapangyarihan, at mga baga ng enebro.5 Sa aba ko, na nakikipamayan sa Mesech, na tumatahan ako sa mga tolda sa Kedar! 6 Malaon ng tinatahanan ng aking kaluluwa na kasama niyang nagtatanim sa kapayapaan.7 Ako'y sa kapayapaan: ngunit pagka ako'y nagsasalita, sila'y sa pakikidigma." (Awit 120:1-7)

"1 Sa aking kahirapan ay dumaing ako sa Panginoon, at sinagot niya ako." (Awit 120:1) Ang tagapagpaya ay nagdadala sa atin upang umiyak sa Diyos habang tayo ay nasa kagulimihan at at kapag tayo ay inaatake. Pakikingan Niya tayo kapag umiyak tayo sa Kanya. "2 Iligtas mo ang aking kaluluwa, Oh Panginoon, sa mga sinungaling na labi, at mula sa magdarayang dila." (Awit 120:2) Ang ating Diyos ang magpapalaya sa atin mula sa mga sinungaling na labi at mula sa mga mandarayang dila. Ang mga sinungaling na labi at dila ay ang mga gumagawa ng mga kuwento laban sa atin at saktan tayo ng may paninirang puri. Ito ay madalas sa marami hindi lamang ng mga inosente ngunit isa mga mahuhusay, sa mundo, na labis na namimighati ng mga nagsisinungaling na mga labi, at hindi lamang ang kanilang pangalan ay pinasama at ginawang pangit ngunit ang kanilang buhay, at lahat ng mahal sa kanila sa mundong ito ay nasa panganib ng mga bulaang mga patotoo at paninirang puri.

Samakatuwid upang mailathala ang kapayapaan maaarin mong harapin ang kabiguan dahil ang mga taong gusto nating gawan ng kapayapaan sa kanila ay nagsasabi ng kasinungalingan at nanlililang. Sa ilang panahon tayo ay humaharap sa mga tao na gumagawa ng masama at itinatago ang kanilang masamang hangarin at maling mga gawain. Tayo ay nagtatrabaho para sa kapayapaan, sila'y nagkukunwari mapayapa bilang isang maskara sa kanilang mga mukha, ngunit sa realidad sila'y nasa kaguluhan laban sa atin at laban sa anong ating ginagawa. Kaya naman si Haring David ay nagpatuloy at nagsabi, "3 Anong maibibigay sa iyo, at anong magagawa pa sa iyo,

ikaw na magdarayang dila? (Awit 120:3) kanino niya ipinapatama, sa mga lumalaban sa kapayapaan sa kanilang masamang hangarin, nakatagong poot at mga kasalanan na kinakailangan na mahatulan sa pagiging bulaang sila na nagsasabi ng kasinungalingan at itinatagong kasamaan, at mula loob ay malisya at karumal dumal na mga plano ngunit sila'y naglalagay ng maskara upang magpanggap na banal. Anong ibinigay sayo? O anong gagawin sayo? Ikaw na mandarayang sila? Si David ay nagsabi sa kanila ng babala: na isang bagay na mangyayari at isang bagay na makakasama mula sa Diyos ay ibibigya sa kanila bilang kabayaran sa kanilang kasinungalingan, pagtataksil at sabwatan. Tayo bilang tagapagpaya kapag hinarap natin ang ganitong uri ng mga tao kailangan nating bigyan sila ng babala tungkol sa pagdating ng paghatol ng Diyos kung sila'y hindi magsisisi.

Ang Awit 120 na ito ay dapat isinulat ni David ang pangyayari sa pagakusa ni Doeg sa kanya at ang mga pari ni Saul, at naging sanhi ng pagkamatay ng mga pari at ang kanilang pamilya at ang kaguluhan ng kanilang siyudad, Nob ni Doeg ang punong pastor ni Saul, at ang sumunod na si David ay napilitang lumayo at umalis mula sa kongregasyon ng Panginoon. Ating mababasa ang kuwento na ito sa 1 Samuel 21 at 22. Dito si David sa Awit 120 paghahayag ng paghatol ng Diyos Kay Doeg "4 Mga hasang pana ng makapangyarihan, at mga baga ng enebro" (Awit 120:4) Ang kapahamakan ng isang masamang dila ay inihula ng pananampalataya sa bersekulo 3 at 4. Habang ang Diyos ay pinapangalagaan ang Kanyang bayan mula sa masamang henerasyon, kaya Siya ang haharap sa kanilang mga kaaway. Ang Diyos ang haharap sa kanilang kasinungalingan sa pamamagitan ng pagsunog sa kanilang sinungaling na dila at mga bibig ng uling gawa ng walis ng halaman. Ang pagbabanta sa bersekulo 3 at 4 ay sinalita kay Doeg, para sa pagkagising ng kanyang konsensya, kung may natitira pa siyang konsensya. Si David ay nagsabi sa kanya. 'Isaalang alang ano ang ibinigay sayo at ano ang gagawin sayo, sa pamamagitan ng matuwid na Hukom ng langit at lupa, sa mandarayang dila'. Bilang mga tagapagpaya kapag tayo ay nagtrabaho para sa kapayapaan kailangan nating sabihin sa mga taong nanakit sa atin ang katotohanan na maaari silang mapaniwala sa katotohanan na ating sinasabi sa kanila na kung anong mangyayari sa kanila kung hindi nila isusuko ang kanilang mga kasalanan at kanilang mga masamang gawain laban sa atin. Tiyak na ang makasalanan ay hindi gagawa ng katulad ng ginagawa nila kung alam nila, at mahikayat na magisip ano ang mangyayari sa huli sa kanila. Hayaan na ang mga sinungaling na ituring kung ano ang ibinigay sa kanila, ay matulis na palaso ng Makapangyarihan sa lahat ng may baga ng enebro, ayan yun, sila'y mahuhulog at malagay magpakailanman sa poot ng Panginoon, sa imperyong, at gagawing miserable sa pamamagitan ng palatandaan ng Kanyang walang kaluguran na mabilis na lilipad katulad ng mga palaso at hahampas sa makasalanan nang hindi niya nalalaman at kapag hindi niya nakikita kung sinong nanakit sa kanya. Ito ang babala laban sa mga sinungaling: Ang Diyos ay patatamaan sila ng palaso; at bigla silang masusugatan. Hindi lamang laban sa mga sinungaling ngunit laban mga gumagawa ng masasama, kasalanan laban sa atin at nanakit laban sa rain habang tayo'y nasa misyon na maging tagapagpaya ng Diyos. Habang tayo ay nasa misyon upang panumbalikin ang mga tao sa Diyos pagkatapos ang mga sumasalungat sa atin ng pagpapayapa, sa gayon sila'y haharapin ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat.

Kaya bilang tagapagpaya, kailangan nating labanan ang kasalanan, protektahan ang ating mga sarili, bigkasin ang paghatol ng Diyos sa mga gumagawa ng masama, at tayo kailangan nating pigilan mula sa paggawa ng masama, ngunit panatilihin matanggap nila ang paghatol ng Diyos sa Kanyang tamang panahon.

"5 Sa aba ko, na nakikipamayan sa Mesech, na tumatahan ako sa mga tolda sa Kedar!" (Awit 120:5) Tungkol kay David hindi natin narinig na nanirahan siya sa Mesech at o sa Kedar, ngunit sa uri ng mga tao na kanyang mga kaaway, si Saul at ang kanyang sundalo, sila'y pilyo at masasama, magugulo at mapanganib katulad ng bayan ng Mesech at Kedar.

Si David ay napilitang mabuhay na malayo mula sa kautusan ng Diyos dahil sa paguusig ni Saul. Habang siya ay pinalayas, tiningnan niya ang kanyang sarili na isang dayuhan, at wala sa bahay nang siya ay malayo mula sa dambana ng Diyos at sumigaw siya, "Sa aba ko" sapagakt Hindi siya makakauwi sa lugar pahingahan ng Diyos at dambana ng Diyos ngunit siya'y nakatayo ng malayo. Tandaan, Ang mabuting tao ay hindi iisipin ang kanyang sarili na nasa bahay habang siya ay pinaalis mula sa simbahan ng Diyos. Ito ay masidhing kalungkutan sa lahat ng nagmamahal sa Diyos na maging walang paraan ng biyaya at pakikipagkaisa sa Diyos at maging sa Kanyang simbahan: kapag sila'y nasa ilalim ng puweraa ng ganoong uri hindi nila mai wasan kundi sumigaw, "Sa aba ko".

Si David ay napilitang manirahan ng masasamang tao, na maraming pananagutan, nanggugulo sa kanya. Siya pinuwersang lumayo mula sa kautusan ng Diyos. Kapag tayo ay nahaharap sa ganitong uri ng tao sa ating buhay na patuloy na sasakatan tayo at pagsiklabin tayo at saktan tayo, at kapag tayo ay tumugon sa kanila, pakipagugnayan sa kanilang banta, gumanti upang maprotektahan ang ating sarili, maari tayong tumawid sa ilang limtasyon, magkaroon ng masamang pagiisip sa pagsagot, magkaroon ng ilang poot, o hindi pagpapatawad, o magkaroon ng ilang masang pakiramdam at galit sa ating mga puso patungo sa kanila, pagkatapos tayo ay patas na dahil sa ganitong pakikipagugnayan mula sa ating panig, lumayo sa Diyos habang tayo ay nakatali na harapin ang ating mga kaaway, at maaari tayong sumali kay David sa anong kanyang sinabi, " Sa aba ko" Dahil hindi na tayo tagapagpaya ngunit tayo ay gumagawa ng pakikipaglaban, tagapaghiganti, at ito'y maaring mabigo uoang gawin kung ano Salita ng Diyos na sinabi, na maging tagapagpaya.

"6 Malaon ng tinatahanan ng aking kaluluwa na kasama niyang nagtatanim sa kapayapaan." (Awit 120:6) Kung patuloy tayong nagmiministerio sa taong minamahal ang kasalanan at galit magsisi, tayo ay mahihiyakat sa kanila at hihilahin tayo mula sa ating mga misyon mula sa pagiging tagapagpaya at iyun ang nangyari kay David na kahit sa huli ating mapapansin na si David ay nakipagsanib sa mga Filisteo upang labanan ang sundalo ng Israel sa ilalim ng pamumuno ni Saul.

Ngunit ang Diyos ay tapat, pinigilan Niya si David at hindi niya hinayaan siya na lampasan ang limitasyon. Sa parehong paraan ang Panginoon ay matapat; Siya ay makikialam sa ating buhay at hindi hahayaang lumampas tayo sa limitasyon at mawala ang titulo na maging tagapagpaya, sa gayon kailangan nating malaman at magsisi.

Sa pagbanggit sa kuwento ni David, ay hindi dahilan para sa atin upang mangatwiran ang ating kabiguan upang sumunod sa Diyos sa pagiging tagapagpaya, ngunit upang magtiyaga sa pagpapatawad, sa kababang loob, sa pagtalikod sa ating masamang mga paraan, at isang pagkakataon uoang siyasatin ang ating sarili at ituwid ang ating sarili at bumalik sa pamantayan ng Salita ng Diyos na maging ang tagapagpaya ng Diyos.

Si Lot ay pinahirapan ng mga masasamang tao ng Sodom na gumagawa at nagsasanay, "8 (Sapagka't ang matuwid na ito na namamayang kasama nila, ay lubhang nahapis araw-araw ang kaniyang matuwid na kaluluwa sa pagkakita at pagkarinig niya, ng mga gawa nilang laban sa kautusan);" (2 Pedro 2:8); upang manirahan ng mahabang panahon kasama ng ganitong tao ay nakakahapis talaga, sapagkat sila'y mga tinik, nanggugulo, at nagkakamot, at pumupunit, at sila'y nagpapakita mg dating poot na nasa binhi ng ahas laban sa binhi ng babae. Ang mga uri ng mga tao ay kailangan nating maging alisto paano maglingkod sa kanila. Kailangan nating malaman ang ating hangganan kung paano maglingkod sa kanila. Kailangan malaman natin ang ating hangganan at kung makita natin ang ating sarili na gumagawa ng masama, kailangan nating lumayo mula una sa masama, at kung hindi talaga kayang iwanan, kailangan nating umalis mula sa kanila upang mapanatili ang ating sarili bilang mga tagapagpaya.

Kailangan nating palaguin ang bunga ng Banal na Espiritu; pagibig, kapayapaan, kagalakan, pagtitiis, pagtitiyaga, mahabang pagtitiis, kagandang loob, pananampalataya, katapatan, kababaang loob, at kabutihan uoang tayo ay mabantayan laban sa lahat ng Gawain ng laman na maaring walang tayo kamalayan dito.

Silang naninirahan kasama ni David ay hindi lamang galit sa kanya, ngunit galit sa kapayapaan, at nagpapahayag ng digmaan dito. Marahil ang korte ni Saul ay sa Mesech at Kedar kung saan si David ay naninirahan, at si Saul ay amg tao na galit sa kapayapaan, na sinubukan ni David ngunit hindi nagawa; ang mas higit na paglilingkod na ginawa niya sa kanya ay ang mas naiinis siya laban sa kanya. Tingnan dito, ang katangian ng napakabuting tao kay David, na makakapagsabing tunay, kahit siya ay tao ng digmaan, ako'y para sa kapayapaan; "7 Ako'y sa kapayapaan: nguni't pagka ako'y nagsasalita, sila'y sa pakikidigma." (Awit 120:7) Hindi nakakapagtaka na ang Panginoong Jesus ay hinayaan tayo na makisama sa ganitong uri ng mga tao at tayo ay sapilitang magkaroon ng uganayan sa kanila upang Siya'y magkapagtatag sa atin ng katangian ng mapagpapaya at makapagpabago ng ating paguugali sa Kanyang wangis.

Ating isiwalat ito at huwag matakot o mayanig o magduda, "Ako'y para sa kapayapaan", at ating gawin ang ating takdang gawain ng maayos, at alamin ang ating hangganan at huwag tumawid sa lugar ng kasalanan at maling gawain at huwag gawin ang mga bagay na masama na kanilang ginagawa laban sa atin.

Si Jesus ay hinahangad sa atin na mabuhay ng mapayapa sa lahat ng lalaki at Hindi mapayapa sa wala. Tayo'y manalangin para sa ating mga sarili upang ibigin ang kapayapaan, magalak sa kapayapaan, at upang magsikap para sa kapayapaan, ngunit hindi mapapangako kung ang mga tao ana ating inaabot ay ayaw para sa kapayapaan at ayaw magkaroon ng kapayapaan ayon sa batas ng Diyos.

Ating subukan ang paraang ito ng Diyos. Maaring tayo ay hindi dumaan sa ganiton dati, ngunit tayo'y lumakad dito mula sa araw na ito at sususno at ating anihin ang mga benepisyo nito.

Ating gawin ang ating kasabihan "Ako'y nanalangin para sa kapayapaan at nagugutom para sa kapayapaan, gagawin sa anumang bagay, magpapasailalim sa anumang bagay, umalis sa anumang bagay, sa kadahilanan, para sa kapayapaan, Ako'y para sa kapayapaan at nagawa ito upang maipakita na ako talaga.

Ang karunungan na nagmula sa itaas ay una ay dalisay, pagkatapos mapayapa. Ang katangian ng pinakamasamang tao sa kaaway ni David ay ang mga naghahamon ng away sa mga may pinaka mapayapang tao. Sinabi ni David: "ngunit kapag ako'y nagsasalita, sila'y sa pakikidigma", nagsalita si Davis ng buong pagrespeto at kabutihan na makakaya niya, iminungkahing pamamaraan ng tirahan, siya'y nagsalita ng may mabuting kadahilanan, nagsalita siya ng may pagibig, ngunit sila'y galit sa kapayapaan at baluktot sa kapilyuhan. Ganitong mga kaaway ni Cristo: sa Kanyang pagibig sila'y Kaniyang mga kaaway, at sa Kanyang mabuting mga salita, at mabutingga gawa, binato nila Siya. Ito ang pinaka mahirap na mga tao na ating makakaharap at paglilingkuran na naghahanap ng pagtatalo kahit para sa mabuti na ating sinasabi at ginagawa para sa kanila. Kung tayo'y makakilala ng ganitong mga kaaway, huwag nating isipin na kakaiba, o ito'y isaalang alang na naghahanap ng kapayapaan sa walang kabuluhan. Alalahanin, huwag madaig ng kasamaan, ngunit kahit kaya sinubukan, subukan pa rin na madaig ang kasamaan ng kabutihan.

B. Isang mapayapang paguusap: ay upang mapanatili ang kapayapaan na huwag masira, at upang bawiin ito kapag ito ay sira, upang tumugon sa iminumungkahi ng kapayapaan sa ating sarili at upang maging handa na gawin ito sa iba. Kapag mayroong pagitan sa ating kapatiran at kapwa, ito ay ating tungkulin na gawin ang lahat na magagawa natin upang mapaghinhawa ito at upang maging taga ayos ng mga paglabag.

Upang makagawa ng kapayapaan, baka kailangan nating magbigay, na magpatawad, na lumimot, na magsakripisyo, na dalhin, na magtiyaga, na magbigay ng panibagong pagkakataon, at lumikha sa kapayapaan, at magbigay sa ganitong paraan ng isang pagkakataon sa ating relasyon sa iba upang makapaghatid ng kapayapaan. "1Namamanhik nga sa inyo akong bilanggo sa Panginoon, na kayo'y magsilakad ng nararapat sa pagkatawag na sa inyo'y itinawag, 2Ng buong kapakumbabaan at kaamuan, na may pagpapahinuhod, na mangagbatahan kayo-kayo sa pagibig; 3Na pagsakitan ninyong ingatan ang pakikipagkaisa sa Espiritu sa tali ng kapayapaan." (Epeso 4:1-3)

Ang paggawa ng kapayapaan ay minsan ay walang pasasalamat na opisina, maaring wala kahit isa na magpapasalamat sa atin, o maaring ito'y maging sanhi ng pinsala sa atin; ganon paan ito'y magandang opisina, at dapat tayong magpatuloy dito.

Ilan sa nagiisip na ito'y sinasadya lalo na bilang isang aral para sa paglilingkod, na dapat ginagawa ang lahat ng kayang gawin upang mapanumbalik ang magkaaway ay upang itaguyod ang pagibig ng Kristiyano sila sa mga nasa ilalim ng kanilang pamamahala. Hindi, ngunit itong opisina ay dapat para sa lahat sapagkat ganitong mga tao ay pinagpala; sapagkat sila ay mayroon ng kaluguran at kasiyahan sa kanilang sarili, sa pagpapanatili ng kapayapaan, at pagiging tunay na naglilingkod sa iba, sa pagsasaayos sa kanila upang pumunta sa kapayapaan. Sila'y nagtatrabaho kasama si Cristo, na dumating dito sa mundo upang patayin ang lahat ng kapootan at upang ihayag ang kapayapaan sa lupa.

Ang mga tagapagpaya sila'y tinawag na mga anak ng Diyos: ito ay magiging isang katibayan sa kanilang sarili na ganon sila; Ang Diyos ay pagmamayari sila katulad ng Kaniyang mga anak, at dito silay kawangis Niya. Siya ay Diyos ng kapayapaan; ang Anak ng Diyos ay Prinsipe ng kapayapaan; ang Espiritu ng pangampon ay isang Espiritu ng kapayapaan.

Mula inihayag ng Diyos ang Kanyang sarili na nakipagkasundo sa ating lahat, hindi niya pagmamayari ang mga iyon na kanyang mga anak na malupit sa kanilang pagkagalit sa isa't isa. Na kung ang mga tagapagpaya ay pinagpala, aba sa mga tagapagtanggal ng kapayapaan.

Ngayon sa pamamagitan ng paglitaw nito, na si Cristo ay hindi kailanman na itaguyod na magkaroon ng kanyang relihiyong nagpapalaganap sa pamamagitan ng apoy at tabak, o pagpaparusa ng mga batas, o pag kilala ng pamamaraan, o walang pagpipigil na kasigasigan, bilang tanda ng kaniyang mga alagad. Ang mga anak ng sanglibutang ito ay mahilig mangisda sa magulong tubig ngunit ang anak ng Diyos ay tagagawa ng kapayapaan at tahimik sa lupa.

Sa aking mahal at minamahal:

Ang mga tagapagpaya ay harapin muna ang kasalanan saanman Ito'y posible.

Ang mga tagapagpaya sila'y mayroong takdang gawain na kailangan nilang gawin upang harapin ang kasalanan upang makapaghatid ng kapayapaan.

Ang mga tagapagpaya ay masikap namagtrabaho at masipag makibaka upang makapaghatid ng kapayapaan.

Ang mga tagapagpaya ay nagsisimula ng kanilang paglalakbay sa pag abot ng mga makasalanan at pagtuturo sa kanila ng Salita ng Diyos.

Ang tagapagpaya ay masaya at puno ng kagalakan habang sila'y nagpapatuloy na makapaghatid ng makasalanan sa Diyos.

Ang mga tagapagpaya ay may dalisay na puso, dalisay na konsensya, walang visa na pagkakasala, ay walang malisya o masama Gawain patungo sa Diyos o sa lalaki.

Ang mga tagapagpaya ay pinoprotektahan ang kanilang sarili saan man mayroong pagkakasala laban sa kanila at iniwasang makalikha ng hindi pagkakasundo sa tuwing magagawa iyon.

Ang mga tagapagpaya ay mayroong isang malakas at pusong mapagmahal sa kapayapaan.

Ang mga tagapagpaya ay umiiyak sa Diyos kapag sila ay balisa at sila'y inaatake. Ang Diyos ay ililigtas sila mula sa sinungaling na mga labi at mandarayang mga dila.

Ang mga tagapagpaya ay kapag sila'y nahaharap sa masamang uri ng tao, mga sinungaling, mapagbuo ng kuwento, at mapanirang puri, sila'y nagbibigay babala sa kanila tungkol sa pagdating ng paghatol ng Diyos kung sila'y hindi magsisisi.

Bilang mga tagapagpaya kapag tayo ay gumagawa para sa kapayapaan kailangan nating sabihin sa mga tao na namiminsala sa atin ang katotohanan, na sila habulin ng katotohanan ba sinasabi natin sa kanila kung hindi isusuko ang kanilang mga kasalanan at kanilang mga maling gawain laban sa atin.

Bilang mga tagapagpaya kailangan nating sugpuin ang kasalanan, protektahan ang ating mga sarili, ipahayag ang paghatol ng Diyos sa mga gumagawa ng masama at kailangan nating pigilan mula sa paggawa ng masama o makasakit o makapinsala sa mga gumagawa ng masama laban sa atin ngunit kailangan mamalagi sa kanila na makatanggap ng paghatol ng Diyos sa Kanyang tamang panahon.

Bilang mga tagapagpaya kapag tayo ay nahaharap sa ganitong uri ng tao sa ating buhay na patuloy na pinipinsala tayo at ginagalit tayo at sinasaktan tayo, at kapag gusto nating tugunan sila, makipaguganayan sa kanilang pananakot, gumanti upang maprotektahan ang ating sarili, maari tayong makatawid sa ilang mga limitasyon, magkaroon ng masamang kaisipan sa pagsagot, magkaroon ng ilang galit, o hindi pagpapatawad, o magkaroon ng ilang masamang pakiramdam, at galit sa ating mga puso patungo sa kanila, pagkatapos baka tayo ay patas dahil sa ganito pakikipaguganayan mula sa ating panig, lumalayo mula sa Diyos habang tayo ay nakapaloob upang harapin ang ating mga kaaway, at baka makasama tayo kay David sa pagsabi niya "Sa aba ko" dahil hindi tayo tagapagpaya ngunit tayo ay tagagawa

ng pabalik na pakikipagaway, o tagagawa ng paghihiganti at iyon ang maaring makapagpabigo na gawin ang sinasabi Salita ng Diyos na maging tagapagpaya. Samakatuwid, maginging, magsisi sa lahat ng ito at bumalik sa Diyos.

Bilang mga tagapagpaya, kailangan nating magkaroon ng pananampalataya na ang Panginoon ay tapat. Siya ay makikialam sa ating buhay at Hindi tayo hahayaan na pumunta na lampas sa limitasyon at mawala ang titulo na maging ang tagapagpaya.

Bilang mga tagapagpaya pagbabalangkas ng kuwento ni David ay hindi hadlang para sa atin upang mangatwiran sa ating kabiguan upang sumunod sa Diyos sa pagiging bigo na maging tagapagpaya, ngunit magtiis sa pagpapatawad, sa kababaang loob, sa pagtalikod mula sa ating sarili masamang mga paraan, at isang pagkakataon upang siyasatin ang ating sarili at ituwid ang ating sarili at bumalik sa pamantayan ng Salita ng Diyos na maging tagapagpaya ng Diyos.

Bilang mga tagapagpaya kailangan nating malaman kung paano paglingkuran sila. Kailangang malaman nating ang ating hangganan at kung makikita natin ang ating sarili na natutukso na gumawa ng masama, kailangan nating lumayo mula sa masama, at kung hindi talga natin maiwasan, kailangan nating umalis mula sa kanila at panatilihin ang ating sarili sa pagiging tagapagpaya.

Bilang mga tagapagpaya kailangan nating palaguin ang bunga ng Banal na Espiritu; pagibig, kapayapaan, kagalakan, pagtitiis, pagtitie, mahabang pagtitiis, kagandahang loob, pananampalataya, katapatan, kababaang loob, at kabutihan upang tayo ay mabantayan laban sa lahat ng gawain ng laman na maari wala tayong kamalayan.

Bilang mga tagapagpaya, hindi nakakapagtaka na ang Panginoong Jesus ay hinayaan tayo na makisama sa ganitong uri ng mga tao at tayo ay sapilitang magkaroon ng uganyan sa kanila upang Siya'y magkapagtatag sa atin ng katangian ng mapagpagpaya at makapagpabago ng ating paguugali sa Kanyang wangis.

Ating isiwalat ito at huwag matakot o mayanig o magduda, "Ako'y para sa kapayapaan", at ating gawin ang ating takdang gawain ng maayos, at alamin ang ating hangganan at huwag tumawid sa lugar ng kasalanan at maling gawain at huwag gawin ang mga bagay na masama na kanilang ginagawa laban sa atin.

Bilang mga tagapagpaya tayo'y manalangin para sa ating mga sarili upang ibigin ang kapayapaan, magalak sa kapayapaan, at upang magsikap para sa kapayapaan, ngunit hindi mapapangako kung ang mga tao ana ating inaabot ay ayaw para sa kapayapaan at ayaw magkaroon ng kapayapaan ayon sa batas ng Diyos.

Bilang mga tagapagpaya ating subukan ang paraang ito ng Diyos. Maaring tayo ay hindi dumaan sa ganito dati, ngunit tayo'y lumakad dito mula sa araw na ito at susunod at ating anihin ang mga benepisyo nito.

Bilang mga tagapagpaya ating gawin ang ating kasabihan, "Ako'y nanalangin para sa kapayapaan at nagugutom para sa kapayapaan, gagawin sa anumang bagay, magpapasailalim sa anumang bagay, umalis sa anumang bagay, sa kadahilanan, para sa kapayapaan, Ako'y para sa kapayapaan at nagawa ito upang maipakita na ako talaga.

Bilang mga tagapagpaya kung tayo'y makakilala ng ganitong mga kaaway, na naghahanap ng gulo kahit para sa kabutihan na ating sinasabi at ginagawa ay para sa kanila, huwag nating isipin na kakaiba, o ito'y isaalang alang na naghahanap ng kapayapaan sa walang kabuluhan. Alalahanin, huwag padaig ng kasamaan, ngunit kahit kaya sinubukan, subukan pa rin na madaig ang kasamaan ng kabutihan.

Bilang mga tagapagpaya, upang makagawa ng kapayapaan, baka kailangan nating magbigay, na magpatawad, na lumimot, na magsakripisyo, na dalhin, na magtiyaga, na magbigay ng panibagong pagkakataon, at lumikha sa kapayapaan, at magbigay sa ganitong paraan ng isang pagkakataon sa ating relasyon sa iba upang makapaghatid ng kapayapaan.

Bilang mga tagapagpaya kapag mayroong pagitan sa ating kapatiran at kapwa, ito ay ating tungkulin na gawin ang lahat na magagawa natin upang mapaginhawa ito at upang maging taga ayos ng mga paglabag.

Ang paggawa ng kapayapaan ay minsan ay walang pasasalamat na opisina, maaring wala kahit isa na magpapasalamat sa atin, o maaring ito'y maging sanhi ng pinsala sa atin; ganon paan ito'y magandang opisina, at dapat tayong magpatuloy dito.

Bilang tagapagpaya kailangan nating maintindihan na ang responsibilidad ng paggawa ng kapayapaan ay hindi lamang sa paglilingkod na dapat ginagawa ang lahat ng kayang gawin upang mapanumbalik ang magkaaway ay upang itaguyod ang pagibig ng Kristiyano sila sa mga nasa ilalim ng kanilang pamamahala. Hindi, ngunit itong opisina ay dapat para sa lahat sapagkat ganitong mga tao ay pinagpala; sapagkat sila ay mayroon ng kaluguran at kasiyahan sa kanilang sarili, sa pagpapanatili ng kapayapaan, at pagiging tunay na naglilingkod sa iba, sa pagsasaayos sa kanila upang pumunta sa kapayapaan. Sila'y nagtatrabaho kasama si Cristo, na dumating dito sa mundo upang patayin ang lahat ng kapootan at upang ihayag ang kapayapaan sa lupa.

Mula ng inihayag ng Diyos ang Kanyang sarili na nakipagkasundo sa ating lahat, hindi niya pagmamayari ang mga kanyang mga anak na malupit sa kanilang pagkagalit sa isa't isa. Na kung ang mga tagapagpaya ay pinagpala, aba sa mga tagapagtanggali ng kapayapaan.

Aking panalangin:

Ama naming Diyos ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, inilibing at bumangon mula sa mga patay sa ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.

Ating ihayag sa Diyos ang ating mga kasalanan at mga maling gawain. Ating hinggin sa Diyos ang kapatawaran at kaawaan para na nagawa laban sa Kanya at laban sa ibang tao at laban sa simbahan at ang ministerio ng Diyos. Panginoon patawarin mo ako sa sumusunod na mga kasalanan

Hinggin sa Diyos ang kapatawaran para sa iyong pagmamataas, pagmamayabang, pakikipagaway, paggawa ng mga kaguluhan, walang pagpapatawad atbp.

Panginoon ipinagkakatiwala ko aking sarili upang manatili sa iyong Salita na aking natanggap sa mensahe na maging tunay na tagapagpaya at maging isang anak mo na ginagawa ang iyong kalooban at namumuhay ng isang buhay sa pagtataguyod ng kapayapaan habang aming napagaralan sa mensaheng ito.. Panginoon ipinagkakatiwala ko anh sarili uoang makapagebanghelyo, upang harapin ang kasalanan, at upang ihayag sa mga makasalanan at gumagawa ng masama ang paghatol ng Diyos sa kanilang buhay.Panginoon,ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na patawarin ang mga nanakit sa akin at huwag maghiganti o magalit o gawin an katulad na masama na kanilang ginawa sa akin. Panginoon bigyan mo ako ng mas marami pang pagibig, pagpipigil sa sarili, kapayapaan at kagalakan upang magpatuloy na nakalinya sa iyong Salita at iyong kalooban sapagkat Ako'y para sa kapayapaan Panginoon. Panginoon protektahan mo ako at itago ako mula sa sinungaling na mga labi at mandarayang mga dila.

Panginoon ipinapanalangin ko ang aking mga kapatid na lalaki at babae na nagpakumbaba ng kanilang mga sarili sa harap mo uoang mabuhay at ilapat ang mga prinsipyo na aming natutunan mula sa iyong Salita sa mensaheng ito, Panginoon protektahan mo sila, at ibigay sa kanila ang lahat ng kanilang mga pangangailangan. Panginoon aliwin mo sila at siguraduhin sa kanila na pinatawad mo na sila, at ikaw ay sumasakanila at ginagabayan sila sa kanilang buhay. Panginoon punuin mo ulit sila ng ng iyong Banal na Espiritu at gawin ang kanilang buhay ay patotoo at kaakit akit sa iba upang ang mga tao'y maniwala sayo at magsimulang sumunod sa iyo at mabuhay ng naayon sa iyong Salita at katuwiran. Panginoon gamitin sila upang makapagebanghelyo at makagawa ng bagong mga alagad mo at upang makabuo ng iyong simbahan, ang katawan ni Cristo.

Panginoon, ako'y nanalangin para sa amin bilang isang simbahan na tulungan kami, protektahan kami, at ibigay sa amin upang magpatuloy sa paglilingkod sayo at gawin ang iyong gawain at iyong kalooban. Panginoon punuin mo ulit kami mg iyong Banal na Espiritu at bigyan daan kami upang makapagebanghelyo at upang maabot ang bagong mga tao ng Mabuting Balita ni JesuCristo at ng Salita ng Diyos. Panginoon kami'y nanalangin na iyong bigyang daan kami upang makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa iyong simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami sa anomang kapahamakan upang kami'y hindi masaktan. Sumaamin nawa ang pagpapala ng Panginoong Jesus at ng pagibig ng Diyos at ng pakikipagkaisa ng Banal n Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel. #: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:

NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.